



EMERHENSIYA SA RADYASYON

Radiation Emergencies: Tagalog

Filipino translation in of " Facts about DTPA" (<http://www.bt.cdc.gov/radiation/dtpa.asp>)

Mga katotohanan tungkol sa DTPA

Ang diethylenetriaminepentaacetate (DTPA) ay makakatanggal ng ilang radioactive materials mula sa mga katawan ng tao, ngunit dapat inumin habang pinapatnubayan ng isang doktor.

Ang mga tao ay maaaring panloob na ma-contaminate (sa loob ng kanilang katawan) ng radioactive materials sa pamamagitan ng hindi sinasadyang paglulon (pagkain o pag-inom) sa kanila, o sa pamamagitan ng tuwirang contact (bukas na mga sugat). Kapag mas mabilis natanggal ang mga bagay na ito mula sa katawan, mas kaunti at hindi gaanong magiging malubha ang mga epekto ng kontaminasyon sa kalusugan. Ang mga kaunting dami ng kontaminasyon ay maaaring hindi mangailangan ng pagbigay-lunas, ngunit maaaring ibigay ng mga doktor ang DTPA kung natiyak nila na ang isang taong may panloob na kontaminasyon ay huhusay mula sa pagbibigay-lunas.

Ano ang DTPA

Ang DTPA ay isang calcium o zinc salt na ginagamit simula noong mga 1960 upang bigyang-lunas ang mga taong may panloob na kontaminasyon ng ilang radioactive materials, tulad ng americium, plutonium, californium, curium, at berkelium. Sa kasalukuyan, ang DTPA ay inaprubahan lamang sa pagbigay-lunas sa panloob na kontaminasyon ng plutonium, americium, at curium.

Paano Gumagana ang DTPA

Ang DTPA ay may dalawang anyô: calcium (Ca-DTPA) at zinc (Zn-DTPA). Ang dalawang anyô na ito ay maaaring mag-bind sa ilang radioactive materials (tingnan ang naunang bahagi) at magpabilis sa paglabas ng mga bagay na ito sa ihi, at samakatwid ay binabawasan nito ang dami ng panloob na kontaminasyon.

Ang DTPA ay pinakamabisa kapag ibinigay sa loob ng unang 24 oras pagkatapos ng panloob na kontaminasyon. Gayunman, ang DTPA ay mabisa pa rin nang ilang araw o linggo pagkatapos nagkaroon ng panloob na kontaminasyon ang isang tao.

Sino Ang Maaaring Uminom ng DTPA

Ang Ca-DTPA ay ligtas para sa karamihan ng mga taong may sapat na gulang, ngunit **hindi dapat ito inumin** ng mga taong may sakit sa buto o bone marrow depression. At ang **Ca-DTPA ay hindi dapat inumin** ng mga batang mas bata sa 18 taong gulang, ng mga buntis, o ng mga taong may mga problema sa bone marrow. Ang Ca-DTPA ay dapat gamitin nang maingat sa mga pasyenteng may malubhang anyô ng isang sakit na tinatawag na hemochromatosis. Ang mga bata at mga buntis na inaalagaan ng isang doktor ay maaaring uminom ng mga maliliit na dosis ng Zn-DTPA. Ang **Ca-DTPA at Zn-DTPA ay hindi dapat gamitin** upang bigyang-lunas ang mga taong may panloob na kontaminasyon ng radioactive materials na uranium o neptunium.

Mga Masasamang Epekto ng DTPA

Ang karamihan ng DTPA ay lumalabas sa ihi sa loob ng 12 oras pagkatapos ito ibigay, kaya hindi ito naiipon sa katawan o nagdudulot ng mga pangmatagalang epekto sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga masasamang epekto ng pagbigay-lunas gamit ang DTPA ang sakit ng ulo, pagiging magaan ang ulo, masakit na dibdib, lasang metal sa bibig, alibadbad, pagkasira ng tiyan, at makating balat, ngunit ang

Mga katotohanan tungkol sa DTPA

(continued from previous page)

mga sintomas na ito ay nababawasan sa pagitan ng mga pagbibigay-lunas. At pinalalaki din ng DTPA ang pagkawala ng ilang minerals (zinc, magnesium, at manganese) mula sa katawan, ngunit maaaring uminom ng mga suplemento upang i-offset ang pagkawala na ito.

Paano Ibinibigay ang DTPA

Ang DTPA ay maaaring iiniksyon sa isang ugat sa braso sa pamamagitan ng paggamit ng isang hiringgilya o isang mabagal na drip ng likido mula sa isang bag. Ang DTPA ay maaaring ibigay sa mga tao na ang mga baga ay may kontaminasyon ng radioactive materials sa pamamagitan ng pagpapalanghap sa kanila ng DTPA sa isang mist o spray. Ang paglanghap ng DTPA ay maaaring magdulot sa ilang tao, lalo na sa mga may hika, na umubo o maghingasing.

Ang DTPA ay maaaring kailangang ibigay araw-araw para sa pangmatagalang panahon. Gayunman, **marami ang nangangailangan ng iisang dosis lamang ng DTPA** para magbigyan-lunas. Ang katagalan ng pagbibigay-lunas ay depende sa dami ng panloob na kontaminasyon at ang pagtugon ng tao sa pagbibigay-lunas. Ang DTPA ay dapat lamang ibigay hangga't natitiyak ng isang doktor na kailangan mo ito.

Habang isinasagawa ang pagbibigay-lunas, maaaring mangolekta ang mga doktor ng mga sampol ng dugo, ihi, at dumi mula sa mga taong binibigyan ng lunas. Ang mga sampol na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga antas ng radioactive materials sa katawan.

Saan Ka Makakakuha ng DTPA

Ang DTPA ay makukuha lamang mula sa isang doktor. Isinali ng CDC ang Zn- at Ca-DTPA sa Strategic National Stockpile (SNS), isang espesyal na koleksyon ng mga gamot at medical supplies na itinatago ng CDC upang bigyang-lunas ang mga tao sa isang emerhensiya.

Saan Ka Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon

May karagdagang impormasyon tungkol sa DTPA sa [U.S. Food and Drug Administration \(FDA\) Web site](http://www.fda.gov).

Maaari ka ring tumawag sa telepono ng CDC Public Response sa 1-800-311-3435 o bisitahin ang Web site sa www.cdc.gov/netinfo.htm upang humingi ng karagdagang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang www.cdc.gov/radiation o tawagan ang CDC public response hotline sa (800) 232-4636, o (888) 232-6348 (TTY).